THE LORD'S FLOCK
GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

# Gawing Kapartner ang Diyos

Sis Techie Rodriquez – Elder Founder
September 2, 2020

Magkapartner ang tawag sa mga taong nagpasyang magsama dahil sa isang layunin at gumawa ng paraan tungo sa katuparan nito. Maraming uri ang pagka-kapartner sa buhay, sa negosyo, sa pananalapi, sa pag-aasawa atbp. Sa ngayon, tinatawag tayo ni Jesus na maging kapartner Niya, mamatay sa kasalanan at mabuhay kasama si Cristo (Rom 6:7).

**1. Mga tungkulin ng Espiritu Santo sa ating buhay**

Kung lumalapit tayo sa Diyos, ibinibigay Niya ang Espiritu Santo dahil alam Niyang di natin kayang baguhin ang ating sarili (Gawa 1:8).

1.1 "Ang Espiritu ang gawin ninyong patnubay sa inyong buhay at huwag ninyong susundin ang pita ng laman" (Gal. 5:16).

1.2 Patnubay natin ang Espiritu Santo na magiging kasama magpakailanman (Jn. 14:16).

1.3 Ituturo at ipaalaala ng Espiritu Santo lahat ng bagay (Jn. 14:26).

**2. Pagka-kapartner sa misyon ni Jesus**

Nagbibigay ang Diyos ng paraan para sa ating kaligtasan. Magpasya tayo kung gusto natin Siyang kapartner sa pagpapahayag ng Magandang Balita. Pagkatapos, magiging tagapagmana tayo sa kaharian ng Diyos (Lk. 19:10; Jn. 10:10; Jn 3:16; 2).

2.1 Pagka-kapartner sa simbahan
Nagiging kabahagi tayo sa Katawan ni Kristo; tayo'y ka-manggagawa ng Diyos(Lk.10;1Cor3:5-9

2.2 Pagka-kapartner sa ating pananalapi
Nasa panahon tayo ng pandemya; panghawakan natin ang mga pangako ng Diyos, kagaya ng pagbibigay Niya ng pagpapala sa lupain ng mga inapo ni Abraham (Gen. 26:1-3,12-13).

**3.Ibinibigay ng Diyos ang lahat ng kailangan para sa Kanyang gawain.**

3.1. Ang Diyos ang may-ari. "Ang ginto at pilak ay akin"(Hag 2:8)."Ang buong daigdig, lahat ng naroon, may-ari'y si Yaweh"(Awit24:1). Tayo ay pang-industriyang kapartner Niya.

3.2. Nakikipagtipan tayo sa Diyos. Kung tayo'y nangako sa Diyos, tuparin natin agad-agad (Ecc5:1-7; Gen 17).

3.3 Dapat sumang-ayon tayo sa May-ari. Pinapanatili Niya ang kasunduan at pag-ibig sa mga nakikilakbay sa Kanya (2Cor6:14; Amos 3:3).

3.4. Dapat sumunod tayo ayon sa Kanyang utos, para tayo'y matuto at hahaba ang buhay (Deut.5:33).

3.5. Dapat magtiwala tayo sa Kanya. Ipagkatiwala natin sa Kanya ang lahat ng ating kabalisahan (1Pet 5:7-8). Ang pagpapala ni Yaweh ay kayamanan (Kawikaan 10:22).

3.6. Dapat maging matalino tayong taga-pangasiwa ng mga biyayang bigay ng Diyos sa atin: oras, talento, at yaman (Mt. 25:14-29).

3.6.1. Gamitin nang tama ang talento (Jer32).

3.6.2Magbahagi. Magbigay kayo, at bibigyan kayo ng Diyos (Lk6:38); Mal 3:10; 1Tim5:17).

3.6.3 Kung ano ang itinanim ay iyon din ang aanihin (2Cor.9:6; Gen 26:12-13; Gal.6:6).

3.6.4Suportahan ang gawain ng Diyos; ibahagi ang Kanyang Salita (Rom 10:13-17).

3.6.5 Magpakayaman sa mabubuting gawa (1Tim 6:17-18).

3.6.6 Pagbabalik ng puhunan. Ang ginamit nating panukat sa iba ay iyon din ang panukat na gagamitin sa atin (Lk6:38; 2Cor9:11; Ps 112).

Habang nakikipag-partner tayo sa misyon ng Diyos, nawa gabayan tayo ng Espiritu Santo para tayo'y makapagpatotoo, na may tiwala, paniniwala at pagtalima sa Diyos. Ibalik natin ang pinakamahalagang oras, pinakamagandang talento, at ang lahat na "pinaka" natin sa buhay na may galak at tuwa sa puso para mapapurihan ang Diyos na ating kapartner.

Isinalin ni: Sis Nida Cruz
Na-Edit / Naaprobahan ni: Sis. Vera I. Tuplano
For more teachings, visit our website:
www.lordsflock.org/Teachings/ReadingMaterials